



KASANAYAN SA MALIKHAING PAGSULAT NG TULA AT AKADEMIKONG PAGGANAP SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL

Andeline N. Zamora¹, Raymund L. Santiago²

¹DepEd Negros Occidental, Philippines ²La Carlota City College, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra31377>

DOI No: 10.36713/epra31377

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang antas ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula at ang kaugnayan nito sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 hanggang Baitang 10 taong pampaaralan 2025-2026 ng Mataas na Paaralan sa Hinigaran. Gamit ang deskriptib-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik, kinalap ang datos mula sa 100 na mga mag-aaral na pinili sa pamamagitan ng random sampling. Upang masukat ang kasanayan sa pagsulat ng tula, gumamit ang mga mananaliksik ng isang pormal na rubrik na nagsuri sa larangan ng paggamit ng tayutay, sukat at tugma, orihinalidad, paggamit ng wika at organisasyon ng kaisipan. Samantala, ang akademikong pagganap ay batay sa pangkalahatang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinakita ng mga resulta na ang antas ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang mataas, habang ang kanilang akademikong pagganap ay nasa antas na napakahusay. Batay sa pagsusuring estadistikal gamit ang Pearson's *r*, natuklasang may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nagpapahiwatig ito na habang tumataas ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbuo ng tula, tumataas din ang kanilang kabuuang pagganap sa asignaturang Filipino. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral na ito ang patuloy na pagpapatupad ng mga interaktibo at malikhaing gawaing pampanitikan sa kurikulum upang higit pang mapalalim ang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa wika at panitikan ng Filipino.

KEYWORDS: Tradisyong Bacolodnon; Sosyo-kultural na Perspektiba; Kulturang Panitikan; Panitikang Filipino; Tradisyong Pasalita; Wikang Hiligaynon; Lokal na Panitikan; Kontekstuwalisadong Pagtuturo.

INTRODUKSYON

Sa patuloy na pag-unlad ng modernong panahon, ang edukasyon ay humaharap sa hamon ng paglinang ng mga mag-aaral na nagtataglay ng kasanayan sa ika-21 siglo (21st-century skills). Kabilang dito ang kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at mataas na antas ng literasiya sa wika. Sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas, ang asignaturang Filipino ay hindi lamang naglalayong magturo ng wastong balarila at talasalitaan, kundi naglalayon ding linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing pag-iisip at pagpapahayag ng kanilang damdamin at ideya sa pamamagitan ng panitikan-partikular ang pagsulat ng tula. Ipinapakita ng mga kamakailang pandaigdig at pambansang pagtataya, tulad ng Program for International Student Assessment (PISA), na ang mga mag-aaral na Pilipino ay humaharap pa rin sa malaking hamon sa larangan ng literasiya at pag-unawa sa binabasa. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa bagong MATATAG Curriculum ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) ang kahalagahan ng pagpapalalim sa mga batayang kasanayan sa literasiya at ang integrasyon ng malikhaing pagpapahayag upang mas maging makabuluhan at kapakipakinabang ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang malikhaing pagsulat ng tula ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan. Hindi lamang ito payak na pagtutugma

ng mga salita sa dulo ng taludtod; nangangailangan ito ng masusing pagpili ng angkop na talasalitaan, paggamit ng mga talinghaga at tayutay, pagbuo ng estruktura, at pagpapadaloy ng malalim na kaisipan. Sa pamamagitan ng paglikha ng tula, ang isang mag-aaral ay napipilitang mag-isip nang maging maingat sa pagpili ng wika, at magkaroon ng kamalayan sa estruktura ng pangungusap.

Sa kabila ng kahalagahan ng malikhaing pagsulat, kapansin-pansin sa kasalukuyang sistema ng edukasyon na madalas naisasantabi ang pagtuturo ng tula dahil sa pananaw na ito ay mahirap, malabo, o hindi praktikal kumpara sa karaniwang pagsulat ng sanaysay o pag-aaral ng balarila. Maraming mag-aaral ang nakararanas ng kawalan ng interes kapag inaatasan silang sumulat ng tula dahil sa kawalan ng sapat na kasanayan sa mga elemento at estruktura nito.

Dahil sa mga nabanggit na sitwasyon at usapin, min anyo ng mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito upang masuri ang antas ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ng mga mag-aaral at kung paano ito nauugnay sa kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Ang mga makakalap na datos sa pananaliksik na ito ay inaasahang magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo, modyul, o interbensyon na makatutulong sa mga guro at mag-aaral upang



mas mapataas ang antas ng literasiya at tagumpay na akademiko sa wikang pambansa.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang antas ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ng mga mag-aaral at ang kaugnayan nito sa kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino.

Partikular nitong sasagutin ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral batay sa :
 - a. Edad
 - b. Kasarian
 - c. Baitang
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat ng tula batay sa:
 - a. Paggamit ng tayutay
 - b. Sukat at tugma
 - c. Orihinalidad
 - d. Paggamit ng Wika
 - e. Organisasyon ng kaisipan
3. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino
4. May makabuluhang kaugnayan ba sa pagitan ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula at akademikong pagganap sa asignaturang Filipino?
5. Anong mungkahing programa o interbensyon ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral?

RESULTA

Pagsusuri ng Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral

Talahanayan 1. Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral.

Propayl	Kategorya	f	%
Edad	11 taong gulang	8	8.00
	12 taong gulang	31	31.00
	13 taong gulang	14	14.00
	14 taong gulang	16	16.00
	15 taong gulang	30	30.00
	16 taong gulang	1	1.00
	Total	100	100.00
Kasarian	Lalaki	34	34.00
	Babae	66	66.00
	Total	100	100.00
Baitang	Baitang 7	22	22.00
	Baitang 8	28	28.00
	Baitang 9	28	28.00
	Baitang 10	22	22.00
	Total	100	100.00

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwantitatibong deskriptib-korelasyonal na disenyo upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat ng tula at ang kaugnayan nito sa kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Binubuo ng 100 mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 ang mga tagatugon, na pinili gamit ang stratified random sampling at simple random sampling upang matiyak ang patas na representasyon ng bawat baitang.

Ginamit bilang instrumento ang talatanungan at rubrik sa malikhaing pagsulat ng tula na nakatuon sa paggamit ng tayutay, sukat at tugma, orihinalidad, paggamit ng wika, at organisasyon ng kaisipan. Isinailalim ang instrumento sa pagsusuri ng limang eksperto at pilot testing sa 30 mag-aaral na hindi kabilang sa pangunahing kalahok. Nakakuha ito ng CVR na 0.99 at Cronbach's Alpha na 0.955, na nagpapakita ng mataas na antas ng bisa at pagiging maaasahan ng instrumento.

Sa pangangalap ng datos, humingi ang mananaliksik ng kinakailangang pahintulot mula sa paaralan at mga kinauukulang awtoridad. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang wastong pagsagot sa instrumento at tiniyak ang kanilang boluntaryong paglahok at pagiging kompidensiyal ng mga impormasyong kanilang ibinigay. Matapos makolekta ang mga datos, ang mga ito ay inayos, inencode, at inihanda para sa pagsusuring estadistikal.

Para sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean, frequency, at percentage upang mailarawan ang mga resulta. Samantala, ginamit ang Spearman's Rho upang matukoy kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula at akademikong pagganap sa asignaturang Filipino.



Base sa talahanayan sa edad na propayl, pinakamarami ang nasa edad 12 (31%) at 15 (30%), na nagpapakita na ang mga kalahok kung saan karaniwang aktibo ang mga mag-aaral sa malikhaing gawain. Ang pinakamababa ay 16 taong gulang (1%) na nasa yugto ng Junior High School.

Sa propayl ng kasarian naman, mas marami ang babae (66%) kaysa lalaki (34%). Maaaring ipahiwatig nito na mas mataas ang partisipasyon ng kababaihan sa malikhaing pagsulat ng akda.

Sa propayl ng baitang naman, pantay ang distribusyon na may dalawampu't dalawang bahagdan (22%) sa Baitang 7 na may at Baitang 10, at ang Baitang 8 at Baitang 9 naman ay may pantay rin na distribusyon na may dalawampu't walong bahagdan. Ipinapakita nito na ang pag-aaral ay kumakatawan sa buong Junior High School na lebel.

Sa pag-aaral ni Madrigal (2020) ay nagsuri sa ugnayan ng demograpiko at akademikong stress ng mga Filipino high school students, na nagpapakita na ang edad at kasarian ay nakaaapekto sa coping strategies at performance.

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral Sa Malikhaing Pagsulat ng Tula

Talahanayan 2. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-Aaral sa Malikhaing Pagsulat ng Tula Batay sa Paggamit ng Tayutay, Sukat at Tugma, Orihinalidad, Paggamit ng Wika, at Organisasyon ng Kaisipan.

Statements	Mean	SD	Interpretation
Paggamit ng Tayutay	4.41	0.30	Napakataas
1. Gumagamit ako ng dalawa o mahigit pang tayutay kapag nagsusulat ng tula.	4.26	0.46	Napakataas
2. Nakatutulong ang paggamit ng tayutay sa pag-unawa ko sa mensahe ng tula	4.60	0.49	Napakataas
3. Natutukoy ko ang ilang uri ng tayutay sa tula.	4.28	0.49	Napakataas
4. Nauunawaan ko ang kahulugan ng mga tayutay na ginagamit ko sa tula na aking isinusulat.	4.45	0.50	Napakataas
5. Nasusubukan kong gumamit ng tayutay sa aking tula	4.44	0.52	Napakataas
Sukat at Tugma	4.50	0.33	Napakataas
6. Isinasaalang-alang ko ang tugma sa pagsulat ng tula.	4.39	0.51	Napakataas
7. Nasusunod ko ang bilang ng pantig sa bawat taludtod ng tula.	4.47	0.59	Napakataas
8. Gumagamit ako ng magkakatatugmang salita sa aking tula.	4.54	0.63	Napakataas
9. Napapansin ko ang ritmo ng tula habang sumusulat.	4.46	0.54	Napakataas
10. Nakasusulat ako ng simpleng tula na may sukat at tugma.	4.63	0.51	Napakataas
Orihinalidad	4.44	0.32	Napakataas
11. Gumagamit ako ng aking sariling istilo sa pagsulat ng tula.	4.31	0.56	Napakataas
12. Nakabubuo ako ng isang orihinal na tula.	4.33	0.51	Napakataas
13. Nakabubuo ako ng sariling ideya sa pagsulat ng tula.	4.57	0.56	Napakataas
14. Nakagagawa ako ng iba't ibang paraan ng pagpapahayag sa tula.	4.39	0.53	Napakataas
15. Nakasusulat ako ng tula batay sa aking karanasan.	4.59	0.53	Napakataas
Paggamit ng Wika	4.53	1.07	Napakataas
16. Nakagagamit ako ng ilang antas ng wika sa pagsulat ng tula.	4.26	0.48	Napakataas
17. Nakapaglilagay ako ng mga salitang may malalim na kahulugan sa tula.	4.37	0.53	Napakataas
18. Nakagagamit ako ng mga salita na naaayon sa paksa ng tula.	4.54	0.54	Napakataas
19. Naipapakita ko ang aking saloobin sa aking tula.	4.56	0.52	Napakataas
20. Nahihirapan akong umintindi ng tula kapag masyadong pormal ang wika.	4.90	5.09	Napakataas
Organisasyon ng Kaisipan	4.46	0.30	Napakataas
21. Naiiaayos ko ang pagkasunod-sunod ng ideya sa tula.	4.42	0.57	Napakataas
22. May kaugnayan ang bawat taludtod ng aking tula.	4.46	0.52	Napakataas
23. Naipapahayag ko ang pangunahing mensahe ng aking tula.	4.46	0.52	Napakataas
24. Nakabubuo ako nang malinaw na simula at wakas ng tula.	4.46	0.52	Napakataas
25. Nauunawaan ng iba ang nilalaman ng aking tula kapag binabasa ito.	4.50	0.54	Napakataas
KASANAYAN SA MALIKHAING PAGSULAT NG TULA (Overall Mean)	4.47	0.32	Napakataas

Legend: (4.21-5.00)-Napakataas; (3.41-4.20)-Mataas; (2.61-3.40)-Katamtaman; (1.81-2.60)-Mababa; (1.00-1.80)-Napakababa



Makikita sa talahanayan ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat batay sa iba't ibang paraan. Sa paggamit ng Tayutay ay may interpretasyon na napakataas na may mean na apat punto apatnapu't isa (4.41) at standard deviation na punto tatlumpu (0.30). Mahusay ang mga mag-aaral sa paggamit ng tayutay, na nagpapayaman sa mensahe ng kanilang tula.

Sa sukat at tugma naman, may interpretasyon na pinakamataas na may mean na apat punto limampu (4.50) at standard deviation na punto tatlumpu't tatlo (0.33). Ipinapakita na mahusay silang sumusunod sa teknikal na aspeto ng tula gaya ng bilang ng pantig at tugma.

Sa orihinalidad, may interpretasyon na napakataas na may mean na apat punto apatnapu't apat (4.44) na may standard deviation na punto tatlumpu't dalawa (0.32). Nakabubuo sila ng sariling ideya at istilo, na nagpapakita ng pagiging malikhain.

Sa paggamit ng wika naman, may interpretasyon ding napakataas na may mean na apat punto limampu't tatlo (4.53) na

may standard deviation na uno punto pito (1.07). Mahusay silang pumipili ng mga salita na naaayon sa paksa, bagama't may indikasyon ng hamon kapag masyadong pormal ang wika.

At panghuli ay ang organisasyon ng kaisipan na may napakataas ding interpretasyon na may mean na apat punto apatnapu't anim (4.46) at may standard deviation na punto tatlumpu (0.30). Nakapagpapahayag sila ng malinaw na simula, gitna, at wakas ng tula.

Sa kabuuan, ang kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ay may overall mean na apat punto apat na pu't pito (4.47) na may interpretasyon na napakataas at may standard deviation na punto tatlumpu't dalawa (0.32). Ipinapakita na ang mga mag-aaral ay may matibay na kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula.

Ayon kay Kempis et al. (2020) ay nagsuri sa mga problemang kinaharap ng Grade 12 HUMSS sa creative writing na asignatura, na nagbigay ng gabay upang mapabuti ang kanilang kasanayan.

Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Sa Asignaturang Filipino

Talahanayan 3. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Filipino.

Antas ng Akademikong Pagganap sa Asignaturang Filipino	f	Mean	SD	Interpretation
Outstanding	100	92.88	1.49	Outstanding
Very Satisfactory	0			
Satisfactory	0			
Fairly Satisfactory	0			
Did Not Meet Expectations	0			
Total	100			

Legend: (90-100)-Outstanding; (85-89)-Very Satisfactory; (80-84)-Satisfactory; (75-79)-Fairly Satisfactory; (below 75)-Did Not Meet Expectations

Ang lahat ng mag-aaral (100%) ay nasa outstanding na lebel na may mean na siyamnapu't dalawa punto walumpu't walo (92.88). Ibig sabihin ay walang bumagsak sa mas mababang antas. Ipinapakita nito na ang akademikong pagganap ng mga kalahok sa Filipino ay lubos na kahanga-hanga.

Ayon sa pag-aaral nina Tan at Bautista (2020) ay nagsuri sa writing competence ng Grade 9 students sa Filipino, at natuklasan na ang intervention materials ay nakatulong sa pagpapataas ng kanilang writing skills.

Kaugnayan sa Pagitan ng Kasanayan sa Malikhaing at Akademikong Pagganap

Talahanayan 4. Kaugnayan sa Pagitan ng Kasanayan sa Malikhaing Pagsulat ng Tula at Akademikong Pagganap.

Variable	Test Statistics (r_s)	p-value	Decision for H_0	Interpretation
Kasanayan sa Malikhaing Pagsulat ng Tula vs. Akademikong Pagganap	0.231*	0.021	Reject H_0	Significant

Ang Spearman's Rho ($r = 0.231$, $p = 0.021$) ay nagpapakita ng significant correlation. Ibig sabihin, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula at akademikong pagganap sa Filipino.

Bagama't hindi napakalakas ng ugnayan, malinaw na ang husay sa malikhaing pagsulat ay nakatutulong sa mas mataas na marka sa Filipino.

Si Akpur (2023) ay nagsagawa ng mas bagong meta-analysis na nagpatunay na ang creativity ay may makabuluhang epekto sa academic performance.

Konklusyon

Ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na konklusyon batay sa kanyang natuklasan sa pananaliksik.



1. Ang mga may edad na 12 taong gulang ang may pinakamataas na bilang, na binubuo ng 31 tagatugon, na sinusundan agad ng mga may edad na 15 taong gulang na may 30 tagatugon. Ang mga edad 14 taong gulang at 13 taong gulang ay binubuo ng 16 at 14 na tagatugon, ayon sa pagkakasunod. Ang mga edad na 11 taong gulang ay may 8 tagatugon, samantalang ang mga edad na 16 taong gulang ang pinakakaunti na may 1 tagatugon lamang. Samantalang sa kasarian ang mga babae ay may 66 na tagatugon, na kumakatawan sa higit kalahati ng kabuuang populasyon ng pag-aaral. Ang mga lalaki naman ay may 34 na tagatugon. Sa kabuuan ay may kabuuang 100 tagatugon. Mas nakararami ang mga babaeng tagatugon kumpara sa mga lalaki, kung saan halos dalawang-katlo ng kabuuang respondents ay mga babae. Ipinapakita sa ikatlong talahanayan ang pamamahagi ng mga tagatugon ayon sa kanilang antas o baitang sa paaralan: Sa baitang 8 at baitang 9, ang dalawang antas na ito ang may pinakamaraming tagatugon na may tig-28 na mag-aaral bawat isa. Sa baitang 7 at Baitang 10: Ang dalawang antas naman na ito ay may pantay ring bilang na tig-22 na tagatugon bawat isa. Sa kabuuan ay may kabuuang 100 tagatugon. Balanse ang pagkakabahagi ng mga tagatugon mula Baitang 7 hanggang Baitang 10 (Junior High School), kung saan bahagyang mas marami ang nagmula sa Baitang 8 at 9 kumpara sa Baitang 7 at 10.
2. Batay sa mga datos, lumabas na napakataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat ng tula. Kitang-kita ang kahusayang ito sa tatlong pangunahing pamantayan: Ang kabuuang kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ng mga mag-aaral ay nakakuha ng Overall Mean na 4.47 SD = 0.32, na nangangahulugang Mataas na Mataas ang antas ng kanilang kasanayan. Sa limang dimensyon, ang Pagamit ng Wika ang nakakuha ng pinakamataas na mean 4.53 na sinusundan ng Sukat at Tugma 4.50, Organisasyon ng Kaisipan 4.46, Orihinalidad 4.44, at Pagamit ng Tayutay 4.41. Kapansin-pansin din na sa aytem 20 ("Nahihirapan akong umintindi ng tula kapag masyadong pormal ang wika"), nakakuha ito ng napakataas na mean na 4.90, na nagpapakita na mas nahihirapan ang mga mag-aaral kapag labis na pormal o malalim ang wikang ginagamit sa tula. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay mayroong mahusay na pundasyon sa mga elemento ng tula at may malawak na bokabularyo sa wikang Filipino. Bukod dito, ipinapakita rin ng mataas na antas ng organisasyon ng kaisipan na may kakayahan silang mag-isip nang kritikal at maayos na maihanay ang kanilang mga ideya upang makabuo ng isang makabuluhang akda. Ang ganitong antas ng kasanayan ay isang magandang pahiwatig ng kanilang mataas na literasiya at appreciation sa panitikang Filipino.
3. Batay sa mga datos na nakalap, ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay pumailalim sa antas na "katangi-tangi" dahil mayroon iton mean na 92.88. Ang resultang ito ay nagpapatunay na mayroong mataas na kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Ipinahihwatig nito na ang mga estratehiya at pamamaraang ginagamit ng mga guro ay nakatutugon nang husto sa pangangailangan ng mga mag-aaral, na nagiging dahilan upang maipamalas nila ang katangi-tanging kahusayan sa asignatura. Bukod dito, ang natuklasang ito ay nagpapakita rin ng mataas na antas ng motibasyon, dedikasyon, at positibong pagtanggap ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino.
4. Batay sa ginawang pagsusuring estatistikal, napatunayan na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng malikhaing kasanayan sa pagsulat ng tula at ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kaisipan sa pamamagitan ng tula ay may direktang positibong epekto sa kanilang kabuuang tagumpay sa akademiko. Ang mga prosesong pangkaisipan na ginagamit sa pagtula—tulad ng pagpili ng angkop na salita, pagbuo ng talinghaga, at maayos na paghahanay ng ideya—ay nakatutulong nang malaki upang mas maunawaan at maipamalas ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng pagkatuto sa wika at panitikang Filipino.
5. Sa pangkalahatan, ang kasanayan sa malikhaing pagsulat ng tula ay nagpapakita ng direktang ambag sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang paghabi ng tula ay hindi lamang payak na pagsulat; nagsasanay ito sa mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, malalim na pag-unawa sa bokabularyo, at pagsusuri ng kahulugan. Ang mga kasanayang ito sa wika ay nagagamit din nila sa iba pang akademiko at pagsusulit, kaya't ang mga mag-aaral na mahusay sa pagsulat ng tula ay nakakakuha rin ng matataas na marka. Ipinapakita ng pag-aaral na ang malikhaing pagsulat, partikular ang pagtula, ay hindi lamang isang sining kundi isang mabisang kasangkapan sa pagpapalalim ng bokabularyo, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa sa balarila. Narito ang Proyekto BALAWTULA (Baybayin at LAwaig ng Wikang Tula sa Akademikong Pag-unlad) ay idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang kanilang kasanayan sa pagtula habang itinataas ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino sa pamamagitan ng mga structured na pagsasanay. Ipinapakita ng pag-aaral na ang malikhaing pagsulat, partikular ang pagtula, ay hindi lamang isang sining kundi isang mabisang kasangkapan sa pagpapalalim ng bokabularyo, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa sa balarila. Ang Proyekto BALAWTULA ay idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na linangin ang kanilang kasanayan sa pagtula habang itinataas ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino sa pamamagitan ng mga structured na pagsasanay.

Rekomendasyon

Batayang sanggunian ang mga resultang natuklasan at konklusyon narito ang mga sumusunod na rekomendasyon na



maaaring gawin ng mga gagamit o makikinabang ng resulta ng pag-aaral na ito:

1. Hinikayat ang mga guro na isama ang mas maraming aktibidad sa malikhaing pagsulat ng tula sa kurikulum upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang tayutay at malikhaing estilo upang mapalawak ang imahinasyon at pagpapahayag ng mga estudyante. Maaaring magbigay ng balanseng pagtuturo sa teknikal na aspeto (sukat at tugma) at malikhaing aspeto (ori hinalidad, organisasyon ng kaisipan).
2. Para naman sa mga mag-aaral, patuloy na magsanay sa malikhaing pagsulat ng tula upang mapalalim ang kasanayan sa wika at pagpapahayag. Maaaring gumamit ng sariling karanasan at imahinasyon bilang inspirasyon sa paggawa ng tula. Hinihikayat ding magbasa ng iba't ibang akdang pampanitikan upang mas mapalawak ang bokabularyo at estilo sa pagsusulat. Hikayatin din ang mga mag-aaral na sumali sa pahayagang pampaaralan tulad ng "Ang Tinig" o mga samahang pampanitikan upang patuloy na mahasa ang kanilang talento. Maglaan ng oras ang mga mag-aaral sa paggawa ng journal o talaarawan gamit ang tula bilang paraan ng pagpapahayag ng sarili at pagsasanay sa pagbuo ng kaisipan.
3. Para sa administrasyon ng paaralan, maaaring mag-organisa ng mga patimpalak sa malikhaing pagsulat ng tula upang mahikayat ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang talento. Hinihikayat ring maglaan ng mga programa at seminar na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa panitikan at malikhaing pagsulat. Maglaan ng sapat na babasahin sa silid-aklatan tulad ng mga antolohiya ng tula, mga aklat sa pagsulat, at maglaan ng espasyo tulad ng literary corner. Magkaroon ng taunang paligsahan sa pagsulat at pagbigkas ng tula (gaya ng tuwing Buwan ng Wika) upang magbigay-sigla at pagkilala sa mga natatanging mag-aaral.
4. Para sa mga guro at tagapamahala ng kurikulum. Hikayatin ang mga guro sa Filipino at Ingles na maglayag mula sa tradisyonal na pagtuturo ng balarila tungo sa pagpapatupad ng mga gawaing pampanitikan gaya ng balagtas, tula at sabayang pagbigkas tuwing magdaraos ng Buwan ng Wika. Pagsasanay para sa mga Guro, magdaos ng mga seminar para sa mga guro upang mapahusay ang kanilang kaalaman sa mga makabagong estratehiya ng pagtuturo at pagmamarka gamit ang rubriks sa pagmamarka ng malikhaing pagsulat.
5. Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring suriin ang ugnayan ng malikhaing pagsulat sa mas tiyak na mga asignatura lamang (hal. Reading and Writing, Filipino sa Piling Larang) sa halip na ang pangkalahatang General Weighted Average (GWA). Pag-aralan naman ang epekto ng iba pang anyo ng malikhaing pagsulat (tulad ng maikling kuwento, sanaysay, o dula) sa akademiko o sosyo-emosyonal na kalagayan ng mga mag-aaral. Magsagawa ng kwalitatibong pag-aaral (phenomenological study) upang malaman ang personal

na karanasan at saloobin ng mga mag-aaral habang sumusulat ng tula.

TALASANGGUNIAN

1. Akpur, U. (2023). *Creativity and academic achievement: A meta-analysis*. *European Journal of Education Studies*, 10(2), 207-223. <https://doi.org/10.19044/ejes.v10no2a207>
2. Kempis, H. R., Enriquez, M., Harochoc, J., Huevia, S. C., Indad, S. A., & Mirasol, M. (2020). *Problems encountered by Grade 12 HUMSS strand students on their creative writing subject in Bestlink College of the Philippines: Basis for proposed guidelines*. *Ascendens Asia Singapore-Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 2(1).
3. Hukom, K., & Madrigal, D. V. (2020). *Assessing the correlation between demographics, academic stress, and coping strategies of Filipino high school students with single-parents*. *Philippine Social Science Journal*, 3(3), 151-161. <https://doi.org/10.52006/main.v3i3.291>
4. Tan, J. D. C., & Bautista, M. F. P. (2020). *Writing competence of high school students in Filipino*. *Ascendens Asia Singapore-Union Christian College Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(1).